

12-1-2022

Kasalukuyang Pagtuturo ng Wikang Filipino at Pananaliksik ng Pilipinas sa Tsina

Current Pedagogy on the Filipino Language and Research on the Philippines in China

Yi Huang

Peking University, huangyi@pku.edu.cn

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/katipunan>

Recommended Citation

Huang, Yi (2022) "Kasalukuyang Pagtuturo ng Wikang Filipino at Pananaliksik ng Pilipinas sa Tsina," *Katipunan*: Vol. 10: Iss. 1, Article 3.

Available at: <https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol10/iss1/3>

This Mga Artikulo is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archium Ateneo. It has been accepted for inclusion in Katipunan by an authorized editor of Archium Ateneo.

Kasalukuyang Pagtuturo ng Wikang Filipino at Pananaliksik ng Pilipinas sa Tsina

Current Pedagogy on the Filipino Language and Research on the Philippines in China

Yi Huang

Peking University

huangyi@pku.edu.cn

Abstrak

Sa mga nagdaang taon, ang domestikong pangangailangan para sa pagsasanay sa talento ng pagsasalita ng Filipino pati na ang pag-aaral nito ay sumisikat. At ang iba't ibang kagawaran, negosyo, at institusyon ay may agarang pangangailangan para sa nasabing mga talento. Ang Peking University ang unang unibersidad sa Tsina na nagturo ng wikang ito. Sa ilalim ng pamumuno ng nasabing unibersidad, ang mga programa ukol sa wika at kultura ng Pilipinas ay umusbong sa Tsina. Ang ganitong modelo ng propesyonal na konstruksiyon at ang pag-unlad na nag-uugnay sa mga domestikong unibersidad ay nagdala ng bagong sigla sa mga pananaliksik ukol sa Pilipinas.

In the previous years, the domestic need for developing talent in speaking, including research, in Filipino is on the rise. And various departments, businesses, and institutions have urgent needs for these talents. Peking University is the first university in China to teach this language. Under the leadership of this university, the programs on the language and culture in the Philippines developed in China. This model of professional construction and development linked to domestic universities brought new interest to research on the Philippines.

Mga Susing-salita

wikang Filipino, pagtuturo, pananaliksik, unibersidad

Filipino language, teaching, research, university

Tungkol sa May-akda

Si Yi Huang, PhD ay isang lektor sa Seksiyon ng Pagtuturo at Pananaliksik ng Wikang Filipino sa School of Foreign Languages, Peking University. Ang kaniyang pangunahing larangan ng pananaliksik ay ang wikang Filipino, kasaysayan at mga panitikan ng Pilipinas.

Paunang Salita

Sa konteksto ng patuloy na pagsulong ng pagkukusang “Belt and Road” sa Timog-Silangang Asya, ang pangangailangan para sa mga talento na marunong sa mga wikang di-palacak ay lumalakas. Ang bansa namin ay may malawak na kooperasyon sa maraming bansa sa mga larangan ng agrikultura, enerhiya, proteksiyon sa kapaligiran, konstruksiyon ng impraestruktura, turismo, pananalapi, pamumuhunan, information technology, atbp. Nangangailangan ang bansa ng malaking bilang ng mga dalubhasa na may talento sa mga wika. Higit na maganda pa nga kung kabilang sa mismong pamayanang pangwika ang dalubhasa, at may kahusayan sa isa pang tiyak na larangan. Isaalang-alang natin ang mga kolehiyo at unibersidad na nag-aalok ng wikang Filipino. Bago ang 2017, ang Peking University lamang ang may Philippine Studies Program sa Tsina. Mula noong 2017, maraming kolehiyo at unibersidad na ang nagtatag ng Philippine Studies majors, at ang bilang ng pagrekrut ng mga mag-aaral sa mga programang ito ay patuloy na lumawak.

Ang pagpapatibay ng mga mapagkukunan ng wika sa inisyatibang “Belt and Road,” na layong magreserba ng mga talentong mahilig sa mga wikang di-palacak ay hindi lamang isang pambansang misyon, ngunit isang pagkakataon na rin para sa mga kolehiyo ng wikang banyaga na palawakin ang kanilang puwang sa pag-unlad. Ang pangunahing tanong sa pagsasaliksik ng artikulong ito ay ang kasalukuyang sitwasyon ng pagtuturo ng wikang Filipino at ang pananaliksik ng Pilipinas sa Tsina. Natuklasan ko at natunghayan na may pagpipilit ng pag-unlad ng mga wikang di-palacak sa bansa, at may pagtaas ng pangangailangan sa mga propesyonal na Pilipino sa pangkalahatang kapaligiran. Dapat natin kung gayon palakasin ang ganitong nagaganap na konstruksiyon upang matutugunan ang mga pangangailangang panlipunan at makisabay sa tulin ng pambansang kaunlaran.

Ang Kasalukuyang Kalagayan ng Philippine Studies Program sa Tsina

Ang “Philippine Studies Program” ng Peking University ay kabilang sa Kagawaran ng Pag-aaral sa Timog-Silangang Asya (dating Kagawaran ng Oriental Studies) ng School of Foreign Languages, Peking University. Ito ang unang yunit na nagsagawa ng Philippine Studies sa mga kolehiyo at unibersidad sa Tsina. Itinatag noong 1985, ang programa ay orihinal na tinawag na Programa ng Wikang Tagalog. Binago ito sa kasalukuyan nitong pangalan noong 1988. Ito ang unang institusyon sa Tsina na nagtuturo ng wikang Filipino at isa sa ilang institusyong nagdadalubhasa sa Pilipinas. Ayon sa programa ng propesyonal na pagsasanay, ang programa namin ay pangunahing nililalang ang mga talento ng mga diplomat, mangangalakal sa dayuhan, namamahala ng negosyo na nauugnay sa dayuhan, mga nagsasahimpapawid sa radyo, mga nauugnay sa pagtuturo, at mga nagsasaliksik at nagsasalin ng Filipino para sa bansa. Ang mga pangunahing kurso ay ang mga sumusunod: wikang Filipino, Filipinong pasalita at pakikinig, pagsusulat, gramatika, pagsasalin at iba pang mga kasanayan sa wika. Pati na rin ang mga propesyonal na kurso tulad ng kasaysayan, kultura, at panitikan, ay kabilang sa kurikulum namin.

Kurso	Oras/ Linggo	Semestre
Basic Filipino 1	10	Ika-1 sem
Basic Filipino 2	10	Ika-2 sem
Basic Filipino 3	10	Ika-3 sem
Basic Filipino 4	10	Ika-4 sem
Basic Filipino 5	4	Ika-5 sem
Basic Filipino 6	4	Ika-6 sem
Audiovisual Filipino 1	2	Ika-3 sem
Audiovisual Filipino 2	2	Ika-4 sem
Audiovisual Filipino 3	2	Ika-5 sem
Audiovisual Filipino 4	2	Ika-6 sem
Filipino Pagsasalin 1	2	Ika-5 sem
Filipino Pagsasalin 2	2	Ika-6 sem
Filipino Balarila	2	Ika-6 sem
Filipino Pagsuslat	2	Ika-5 sem
Pangkalahatang Kalagayan ng Pilipinas	2	Ika-2 sem
Kulturang Pilipino	2	Ika-4 sem
Katutubong Kaugaliang Pilipino	2	Ika-7 sem
Relihiyon ng Pilipinas	2	Ika-7 sem
Kasaysayan ng Pilipinas	2	Ika-4 sem
Makabagong Kasaysayan ng Pilipinas	2	Ika-7 sem
Politika at Ekonomiya ng Pilipinas	2	Ika-5 sem
Folk Literature ng Pilipinas	2	Ika-5 sem
Kasaysayan ng Panitikan ng Pilipinas	2	Ika-6 sem

Mga Piling Babasahin ng Panitikang Pilipino	2	Ika-8 sem
Mga Piling Babasahin ng Maikling Kuwento ng Pilipinas	2	Ika-8 sem
Kasaysayan ng Mga Komunikasyon sa Pagitan ng Tsina at Pilipinas	2	Ika-8 sem
Mga Isyung Tsino ng Pilipinas	2	Ika-8 sem
Mga Napiling Babasahin sa Mga Pahayagang Pilipino	2	Ika-6 sem
Pagsasaliksik ni Rizal	2	Ika-7 sem

Talahaayan I. Listahan ng mga kurso sa Philippine Studies Program ng PKU

Noong nakaraan, ginagamit ng major namin ang mga aklat na mula pa sa Pilipinas. Kabilang na rito ang *Conversational Tagalog*, *Alpabeto ng Balarila*, *Pilipinas: Bayan Ko*, *Let's Converse sa Filipino*, atbp. Mula noong 2017, ang Peking University ay naglathala na ng kauna-unahang teksbuk sa Filipino na *Wikang Filipino*. Ang teksbuk na ito ay binubuo ng apat na volume. Ang unang tatlong volume ay nailimbag noong 2017 at 2018. At ang ikaapat na volume ay nailimbag naman noong Setyembre 2021.

Sa dumaraming pangangailangan para sa mga talento ng Filipino sa iba't ibang industriya, ang bilang ng mga nagmamajor sa Filipino sa bansa ay mabilis ding lumago. Kasabay nito, ang mga pag-aaral ng Filipino ay mabilis ding umunlad. Noong 2017, sunod-sunod na itinatag ng Beijing Foreign Studies University at Yunnan Nationalities University ang mga major nito sa Filipino. Noong 2018, nagtatag din ang Xi'an International Studies University ng mga kurso sa Filipino. Upang matugunan ang mga pangangailangan ng nasabing mga institusyon sa posisyon, ang ilang mga yunit ay direktang pumili ng mga mag-aaral mula sa Peking University na hihirangin para sa pagsasanay. Sa ngayon, tatlong kolehiyo at unibersidad pa sa buong bansa ang naitatalang nagtatag ng mga Philippine Studies Program. Kasabay nito, malinaw na ipinahayag din ng Shanghai International Studies University, Guangdong University of Foreign Studies, Yunnan University, at iba pang mga unibersidad, ang kanilang mga plano na magtayo ng Philippine Studies Program sa mga susunod na taon. Bilang karagdagan, ang Peking University, Jinan University, Guangxi University, Guangxi University para sa Nasyonalidad, Hainan Normal University, at iba pang mga unibersidad ay nagtaguyod din ng mga sentro ng pananaliksik ukol sa Pilipinas upang itaguyod ang domestikong pananaliksik sa politika, ekonomiya at panlipunang kondisyon ng Pilipinas. Kaugnay nito, kung paano gagawing mas mahusay ang pag-unlad ng propesyon sa nasabing mga institusyon, kung paano mapapabuti ang kalidad ng mga talento sa umuusbong na mga propesyon, at kung paano itataguyod pa ang mga pag-aaral sa bansang Pilipinas, ay naging pangunahing mga pagsasaalang-alang din para sa Philippine Studies Program ng mismong Peking University.

High-Quality Compound Filipino Talent Training Model sa PKU

Magtatag ng Paraan para sa mga Talentong Internasyonal

May matagal nang nagsisiyasat ng pagtuturo para sa mga undergraduate ng Philippine Studies Program ng PKU. Sa mga unang batch, dahil sa limitadong bilang ng mga guro, ang mga guro ay taga-Pilipinas. Ang kalamangang idinulot nito ay naging mahusay sa pakikinig at pagsasalita ang mga mag-aaral. Ngunit ang kanilang pag-unawa sa kulturang Filipino ay hindi naging lubusan at obhektibo. Dahil ang mga full-time na gurong taga-Pilipinas ay kadalasang mahusay sa wika, panitikan at iba pang larangan, ang pagpapakilala sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas ay naging simple at may kahahalataang personal na ugnayan. Pagkatapos nito, binago ang modelo ng pagtuturo. Ang mga gurong taga-Pilipinas ay responsable sa pagtuturo ng mga kasanayan sa wika para sa mga freshman. At ang mga gurong Tsino ay responsable sa pantulong na pagtuturo. Higit sa lahat, ipinakilala ng mga gurong Tsino ang mga kursong pangkultura kagaya ng Pangkalahatang Kalagayan ng Pilipinas, at kasaysayan ng Pilipinas sa mga mag-aaral.

Pagkatapos ng ilang taong paggalugad, iniulat ng mga mag-aaral na ang pagpapakilala ng mga gurong Filipino ng gramatika ng Filipino sa pamamagitan ng wikang Ingles at Filipino ay hindi umaayon sa mga kaugalian sa pag-aaral ng wikang banyaga ng mga mag-aaral na Tsino. At ito ay naging sanhi ng kaalaman ng gramatika ng mga mag-aaral na relatibong nakalilito at hindi matatag; at ang teorya sa pagsasanay ay hindi naging sapat.

Bilang resulta, binago ng programa ang pag-iisip nito sa pagtuturo. Sa ilalim ng background ng reporma ng unibersidad ng undergraduate studies, ang ilang mga kursong Filipino ay naisiksik, at ang mga mag-aaral ay mas hinimok na tanggapin ang General Education strand at pumili ng mga kurso mula sa iba pang mga kagawaran. Sa mga propesyonal na kurso, responsable ang mga gurong Tsino para sa pagtuturo ng mga kursong wika na may mababang antas na maglalalatag ng isang matatag na pundasyon para sa mga mag-aaral sa simula. Ipakikilala pagkatapos ang mga gurong Filipino sa mga sophomore upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa wika. Ang mga junior student naman ay bibigyan ng pagkakataon upang mag-aral mismo sa Pilipinas. Kapag umabot na ang kanilang kahusayan sa wika sa tugatog, babalik sila sa kampus para sa paghahanap ng trabaho, pagpasok sa postgraduate na paaralan, atbp. Sa usapin ng hanapbuhay, ang mga mag-aaral na graduate sa amin ay nagtataglay hindi lamang ng matibay na kasanayan sa komunikasyon, pamilyaridad sa kasaysayan, kultura, at kaugalian ng mga piling bansa, ngunit mayroon din silang kakayahang magturo ng Tsino sa mga inaral nilang wikang banyaga. Ito ay magandang paraan upang mapalawak ang direksiyon at puwang para sa pagtatrabaho ng mga mag-aaral.

Para sa mga postgraduate, hinihikayat ng programa ang mga mag-aaral na mag-aral ng kultura ng Timog-Silangang Asya, na hindi lamang nakatuon sa Pilipinas, ngunit inilalagay ang Pilipinas sa pananaw ng Timog-Silangang Asya mismo, ng Asya at maging ng buong mundo. Bilang karagdagan, kapag ang mga mag-aaral sa antas masterado ay nagsusulat na ng kanilang tesis, hinihikayat sila na pumunta sa kanilang target country. Isa sa mga pakinabang nito ay upang mapanatili ang antas ng kanilang wika, sapagkat relatibong kaunti ang kursong pangwika sa master's degree, at ang kakayahan sa wika ng mga mag-aaral ay may posibilidad na humina kung hindi ganap na maensayo. Nagbibigay sa kanila

ng mahusay na pagkakataon ang fieldwork upang muling magsanay. Pangalawa, ang pag-aaral sa antas masterado ay hindi na maaaring tumigil lamang sa simpleng pagsusuri ng paksa. Kailangan nilang magkaroon ng isang mas malalim na pag-unawa sa object ng pananaliksik, at kinakailangan ng higit na pangmatagalang pagsisiyasat sa larangan.

Para sa mga mag-aaral ng antas doktorado, ang pagsasanay para sa kanila ay mas malapit sa pagsasanay ng mga batang guro. Una, hihikayatin silang mag-aral sa target country o sa iba pang mga unibersidad sa ibang bansa sa loob ng anim na buwan hanggang sa higit sa isang taon. Maghahanap din sila ng mga angkop na superbisor sa ibang bansa. Magsasagawa sila ng malalim na teoretikal at kaugnay na mga pag-aaral sa larangan, at iiwasan ang tinatawag na akademikong “in-breeding.” Sa buong panahon ng pag-aaral ng doktor, kinakailangan silang maging masigasig sa pagsulat at aktibong lumahok sa iba’t ibang journal, kabilang ang mga SSCI (Social Sciences Citation Index) journal, upang malinang ang kanilang mga kasanayan sa akademikong pagsulat. Isasama rin ang mga mag-aaral ng doktorado sa iba’t ibang proyekto sa pagsasaliksik na isinasagawa ng mga superbisor. Hahanapin ang angkop na punto sa pagitan ng kanilang sariling interes at direksiyon ng pananaliksik ng kanilang mga superbisor. Magsasagawa sila ng magkasamang pagsasaliksik, at magbabahagi ng mga nagawa. Gagabayan ang mga mag-aaral na doktorado na lumahok sa paghahanda ng ilang mga undergraduate na kurso, pumunta sa mga kaugnay na kolehiyo at unibersidad para sa panandaliang pagtuturo o lektura, at lumahok sa mga komperensiyang pang-akademiko.

Daan sa Pagbuo ng mga Ugnayan

Sa nagdaang ilang dekada, ang Peking University lamang sa Tsina ang nagtatag ng Filipino undergraduate na major. Ngunit ang sitwasyong ito ay nagbago noong 2017, at tinapos ng Peking University ang “monopolyo” nito. Naiintindihan namin na upang mas mapayaman ang major, nararapat ang pagtataguyod ng sarili nitong kaunlaran, at pagtataguyod ng patuloy na pag-unlad ng mga Filipino major sa iba’t ibang unibersidad. Kung kaya, nangunguna rin ang aming Philippine Studies Program sa larangan ng mga wikang di-palacak. Sa larangan na ito, ang karamihan ng mga kolehiyo at unibersidad at ang mga batang guro ay may mababa pang antas akademiko. Ang mga gurong may awtoridad at impluwensiya ay kakaunti. Sa kaibahan, ang programa sa PKU ay gumanap ng nangungunang papel sa pareho nitong akademikong antas at pagpapabuti ng antas akademiko ng mga domestikong guro. Sa kasalukuyan, may anim na guro na nakikibahagi sa first-line na pagtuturo ng Filipino sa Tsina, na pawang nagtapos mula sa Peking University. Kabilang sa mga ito, lima ang may digring doktorado at isa ang may masterado; lima ang nagpunta sa Estados Unidos para sa isang buong advanced na pag-aaral; at anim ang nag-aral sa Unibersidad ng Pilipinas.

Dahil sa naging malapit ang ugnayan ng Tsina at Pilipinas, ang hiling para sa mga talento sa iba’t ibang industriya ay tumaas. Habang sinusubukan na matugunan ang mga pangangailangan ng mga employer, natuklasan din nila ang ilang suliranin. Halimbawa, noong nakaraan, ang pagtuturo ng mga propesyonal na talento ay naging masyadong matagal at maselan, na nagresulta sa kakulangan ng supply ng mga nagsipagtapos. Sa puntong ito, hindi ganap na natugunan ang mga pangangailangan ng bansa. Ngayon, sapagkat maraming unibersidad ang nagtatag na ng major sa Filipino, natapos na nito ang “monopolyo” ng Peking University. Ngunit ito ay isang “magandang pakinabang.”

Ang mga talento na nalinang ng iba't ibang unibersidad sa nagdaang ilang taon ay matutugunan ang mga pangangailangan ng iba't ibang industriya sa iba't ibang antas. Ang bawat unibersidad ay may kani-kaniyang katangian at pokus ng pagsasanay, at maaaring matuto mula sa bawat isa at matuto mula sa lakas ng bawat isa. Noong 2017, nailimbag ng Peking University ang unang serye ng mga teksbuk ng *Wikang Filipino* sa Tsina. Sa proseso ng pag-edit at pagproofread ng mga teksbuk, ang mga guro mula sa ibang mga unibersidad ay nagbigay ng napakahalagang mga mungkahi. Ito ay isa pang halimbawa ng kooperasyon ng mga propesyonal sa mga programang Filipino.

Kasalukuyang Katayuan ng Pagsasaliksik ng Pilipinas sa Tsina

Ang mga institusyong nagtuturo ng wikang Filipino at pananaliksik ukol sa Pilipinas ay maaaring mahati sa dalawang kategorya. Ang mga nabanggit sa itaas ay nabibilang sa unang kategorya na nagtuturo ng wika. Kabilang na rito ang Peking University, Beijing Foreign Studies University, at Yunnan Nationalities University. Ang nilalaman ng kanilang pagtuturo ay paghahasa sa mga kasanayan sa wika gaya ng pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat, at pagsasalin. Ang ikalawang kategorya naman ay batay sa pagtuturo ng kultura, kasaysayan, politika, ekonomiya, at ugnayang panlabas ng Pilipinas. Kabilang sa mga nakatuon dito ang Peking University, Nanyang Research Institute Xiamen University, Sun Yat-sen University, Jinan University, Asia-Pacific Institute of Social Science, Institute of Modern International Relations ng Konseho ng Estado at iba pang mga institusyon. Kasama sa nilalaman ng pagtuturo ang iba't ibang mga makasaysayan at praktikal na isyu ng Pilipinas, kabilang na ang parehong pangkalahatang pagpapakilala at malalim na pagsasaliksik sa mga madadaanang paksa.

Sa larangan ng kasaysayan

Ang pananaliksik tungkol sa kasaysayan ay ang pinakaunang uri ng pananaliksik ng aming bansa ukol sa Pilipinas. Ang pag-unlad kung gayon ng nasabing larang ay mas mahusay, at ang mga pananaliksik na napapabilang dito ay ang pinakamalalalim. Karamihan sa mga unibersidad at institusyon ng pananaliksik na nakikibahagi sa pagsasaliksik ng Pilipinas ay nakikibahagi sa pagsasaliksik sa larangang ito.

Ilan lamang sa mga naisulat na aklat ukol sa pangkalahatang kasaysayan ng Pilipinas ay ang *The History of the Philippines* (1977), *Isang Maikling Kasaysayan ng Pilipinas* (1977), *History of the Philippines* (1990), at *The History of the Philippines at ang Nakaraan at Kasalukuyang Mga Relasyong Sino-Pilipinas* (1968). Ang ilang pananaliksik naman ukol sa sinaunang kasaysayan ng Pilipinas ay ang mga sumusunod: *Pagsasama-sama ng Impormasyon Tungkol sa Pilipinas sa Mga Sinaunang Tsino na Libro* (1980), at *Primitive Culture and Art of Philippine Island* (1982). Hinggil sa mga espesyal na kasaysayan, naririyang naman ang *Immigration of the Eastern Sea Route: Marine Immigration in the Ming and Qing Dynasties* (1998), at *History of Overseas Chinese in the Philippines* (1987); hinggil sa relatibong modernong panahon, naririyang ang *The Philippine War of Independence* (1987), *The History of the Philippine National Independence Movement*

(1989), at *The Philippines under Marcos* (1983). Bilang karagdagan ang ilan pang mga gawa naman sa Pilipinas tungkol sa kasaysayan, na naisalin sa Tsina, ay ang mga sumusunod: *The Philippine Revolution* (Gregorio F. Zaide, 1979), *History, Government and Civilization of the Republic of the Philippines* (Gregorio F. Zaide, 1979), *Philippine Society and Revolution* (Amado Guerrero, 1972), at *Filipino Workers Movement* (Ge Yi Levinson, 1959).

Kaalinsabay nito, malaking bilang din ng mga tesis ang nailimbag sa larangan ng pangkasaysayang pagsasaliksik, na sumasaklaw sa napakalawak na hanay ng nilalaman ukol sa Pilipinas, at halos sumasaklaw sa mga pangunahing isyu sa kulturang Filipino.

Ang saklaw ng mga nabanggit na akda at tesis ay relatibong malawak, mula sa pangkalahatang kasaysayan hanggang sa partikular na kasaysayan. Kabilang sa mga ito, ang pagsasaliksik sa sinaunang kasaysayan ng Pilipinas ay madalas ding nagsasangkot sa iba pang disiplina ng pananaliksik tulad ng arkeolohiya, etnolohiya, at antropolohiya. Kabilang sa mga pananaliksik sa kasaysayan ng Gitnang Panahon at ng modernong kasaysayan ang kasaysayan ng pag-unlad ng kultura, kolonyalismo, at kilusan sa pambansang pagpapalaya. Kabilang din sa mga pananaliksik sa modernidad ang pinagsamang pampolitika at pang-ekonomiyang pananaliksik. Ang lahat ng pag-aaral na ito, sa kabuoan, ay may ginagampanang mahalagang papel.

Sa larangan ng kultura

Ang mga pananaliksik ng aming bansa sa kultura ng Pilipinas ay nagsimula sa mga aklat na tungkol sa mga pangkalahatang idea. Sa pagsulong ng malapit na palitan sa pagitan ng Tsina at ng Pilipinas, layunin ng nauna na mapabuti ang pag-unawa sa huli, kaya't ang isang malaking bilang ng mga buod na monograp ay nailimbag nang sunod-sunod. Sa partikular, nariryan ang *Philippines Today* (1991), *Philippines* (1995), *Contemporary Philippines* (1994), *Philippines* (2004), *Philippines: Dancing on Water Lily* (2006), *Southeast Asian Nations: Malaysia, Singapore, Indonesia, Brunei, and the Philippines* (2006), at *National History • Philippines* (2007).

Ang mga gawang ito ay batay sa isang komprehensibong pagpapakilala sa kultura, lipunan, ekonomiya, politika, at mga tradisyon sa kasaysayan ng Pilipinas, na ibinubuod sa larangan ng kultura gamit ang isang malawak na pagpapakahulugan. Bagamat hindi sapat ang lalim sa tukoy na paglalarawan ng pangkalahatang idea ng isang bansa, mayroon pa rin silang halaga sapagkat ipinakikilala nila ang mga natatanging katangian ng mga panahon.

Ang mga madalas na pananaliksik ng aking bansa sa kultura ng Pilipinas ay higit na nakatuon sa larangan ng pagpapalitan ng kultura, at ang mga kaugnay na iskolar ay naglathala na rin ng maraming bilang ng katulad na mga tesis at pananaliksik. Kasama rito hindi lamang ang mga palitan sa pagitan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng Timog-Silangang Asya, Pilipinas at ng Kanluran, kundi pati na rin ang pag-aaral sa palitan ng kultura sa pagitan ng Pilipinas at Tsina, alinsabay sa mga pag-aaral na diachronic at synchronic.

Sa larangan ng politika

Ang mga pananaliksik sa politika ng Pilipinas ay maaaring mahati sa dalawang bahagi: monograp at pagsasalin. Hinggil sa mga nilalaman, pangunahing kasama rito ang mga talambuhay, ulat, dokumentaryo, pangkalahatang pagpapakilala sa kasaysayang pampolitika, atbp. Halimbawang mga ito ay ang *The Bizarre Philippine Politics-Observations and Reflections on Philippine Democracy by Senior Chinese Journalists* (2002), *Records Before and After Marcos* (1992), *Reminiscences of Philippine Political Circles* (1992), *Babaeng Pangulo si Aquino* (1987), *Lady, Good Wife, President: Mrs. Aquino* (1988), *Into the Malacañan Palace: Philippine President Arroyo, The Biography of the Lady* (2005), at *Ang Kasaysayan, Pamahalaan at Kabihasanan ng Republika ng Pilipinas* (1979). Ang mga librong ito sa politika ng Pilipinas, sa isang banda, ay gumagamit ng makatotohanan at pampanitikang mga diskarte upang bigyan ang mga mambabasa ng pangkalahatang pag-unawa sa proseso ng pag-unlad ng politika sa Pilipinas. Gayunpaman, ang kaunting kakulangan ay ang mga librong ito ay walang komprehensibong pag-unawa sa paraan ng pagpapatakbo ng Pilipinas sa sarili nitong politika. Ang pagpapakilala ng Pilipinas ay hiwalay sa pagpapakilala ng mga katangian ng sistemang pampolitika. Ilan sa mga isyung pampolitika sa Pilipinas na namutawi ay ang isyu ng mga Muslim sa katimugan ng kapuluan, halalan at pagbabago sa konstitusyon, ugnayan sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos, at ilang kabanata tungkol sa politika sa Timog-Silangang Asya at politika ng mundo.

Sa larangan ng relihiyon

Ang Pilipinas ang nag-iisang bansang primaryang Katoliko sa Asya. Samakatuwid, ang pagsasaliksik sa kulturang relihiyoso ng Pilipinas ay isang mahalagang bahagi ng pagsasaliksik sa nasabing bansa. Kabilang sa mga ito, ang pananaliksik ni Shi Xueqin ng Nanyang Research Institute Xiamen University ang sa ganang akin ay pinakamahalaga. Pangunahing isinama sa pananaliksik ni Shi Xueqin tungkol sa relihiyon ng Pilipinas ang dalawang aspekto: ang kasaysayan ng pag-unlad ng Katolisismo sa Pilipinas, at ang impluwensiya ng Katolisismo sa kultura ng bansa. Maraming iskolar ang nagbigay pansin din sa mga hidwaan sa relihiyon sa Pilipinas, at pinag-aralan ang mga hidwaan sa mga relihiyon na ito mula sa pananaw ng palitan ng relihiyon at mga pangkat etniko.

Sa larangan ng mga Overseas Chinese

Ukol sa pananaliksik tungkol sa mga Tsino sa Pilipinas, ang pananaliksik ni Zhou Nanjing ng Peking University ang naging mas kilala. Nailimbag niya ang *Encyclopedia of Overseas Chinese*. Sa mga librong ito, inilalarawan ang kasaysayan ng kilusang kontra-Hapon ng mga Tsino sa Pilipinas, pati na rin ang post-war na nasyonalismo ng mga Tsino sa ibang bansa na sumusuporta sa pakikibaka ng mga mamamayan ng inang bayan. Kabilang din na naitala rito ang mga makabayang Tsino sa Pilipinas na aktibong sumusuporta sa pagtataguyod ng inang bayan, at ang katapatan at pagkamakabayan ng mga bumalik na Tsino. Mayroon ding ilang libro bilang huli na nakatuon sa mga tanyag na Overseas Chinese sa Pilipinas, tulad ng *Lucio Tan* (2001).

Mula sa inilarawang kalagayan ng pananaliksik sa itaas, makikita na sa mga nagdaang taon, ang pananaliksik ng mga Overseas Chinese sa lipunang Filipino ay hindi nakatanggap ng pangkalahatang pansin mula sa lipunan. At ang nilalaman ng pagsasaliksik ay naging relatibong simple. Karamihan sa antas ng mga pagsasaliksik ay mananatili pa rin sa gitna o unang kalahati ng ika-20 siglo. Ang *Encyclopedia of Overseas Chinese* na inilathala ni Zhou Nanjing na ang may higit na praktikal na kahalagahan.

Bilang karagdagan, pinag-aralan ng mga lokal na iskolar sa Pilipinas ang mga Overseas Chinese dito sa loob ng maraming taon. Kabilang sa mga ito, ang heritage center na Kaisa Para sa Kaunlaran ay naglathala na rin ng maraming kaugnay na libro.

Sa larangan ng ekonomiya

Kung tungkol sa pag-aaral ng ekonomiya ng Pilipinas ang pag-uusapan, masasabing kakaunti ang mga aklat tungkol dito. Marami sa kanila gayunman ang nag-aral ng iba't ibang bansa sa Timog-Silangang Asya, at ang ilan sa kanila ay nagpapakilala sa ekonomiya ng Pilipinas. Halimbawa nito ang *The Economic and Trade Law Guide of the Republic of the Philippines*, at *The Economic and Trade Laws of the Republic of the Philippines* na kabilang sa *Southeast Asian Countries Economic and Trade Legal Research Series* (2006). Kasama rin sa korpus ng mga pag-aaral ang *1987 Constitution of the Republic of the Philippines*, *1987 Comprehensive Investment Law*, *Philippine Foreign Investment Law of 1991*, *Philippine Special Economic Zone Law of 1995*, *Contract Law*, *Contemporary Philippine Economy* (1999), at *Contemporary Ekonomiks ng mga Bansang Timog Silangang Asya*.

Kaugnay nito, kasama sa itinatalang korpus ang mga iskolar na kitang-kitang nagsasaliksik kasama si Jiang Xiding ng Xiamen University, dating direktor ng Political and Economic Research Office ng Nanyang Institute Xiamen University. Ang punong patnugot ng seksiyon ng World Economics, sa *World Journal*, ay may higit na pagkaunawa sa sitwasyong pang-ekonomiya sa Pilipinas at naglathala na rin ng mas marami pang monograp at papel.

Noong dekada 1980, ang karamihan sa mga artikulo't pananaliksik sa ekonomiya ng Pilipinas ay pinag-aralan kung bakit ang ekonomiya ng Pilipinas ay nananatiling mabagal. Ang mga artikulo pagkatapos ng dekada 1990 ay higit na ipinakilala naman ang estrukturang pang-ekonomiya ng Pilipinas. Mula noong natapos ang ika-20 siglo, ang mga artikulo ay kadalasang inilalagay na ang Pilipinas sa pandaigdigang sistemang ekonomiko para sa kaukulang mga pagsusuri at paghahambing.

Sa larangan ng panitikan

Noong mga unang dekada, ang pagsasaliksik sa panitikan ng Pilipinas ay nakatuon sa pagsasalin at pagpapakilala sa mga akdang pampanitikang Filipino. Sa paglaon, unti-unting lumitaw ang mga gawang pananaliksik at kritikal na papel. Ang pagsasalin at pagpapakilala ng pambansang panitikan ng Pilipinas ay nakatuon sa mga akda ni Jose Rizal. Halimbawa nito ay ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* na unang inilabas noong 1977, at nagkaroon ng bagong salin noong 1988. Isinalin din ang ilang moderno at napapanahong mga akdang pampanitikan ng Pilipinas, tulad ng *Selected Philippine Short*

Stories (1989). Kasama sa mga gawang pananaliksik sa mga panahong ito ang *Rizal at China* (2001).

Alinsabay sa pag-aaral ng katutubong panitikan ng Pilipinas ay ang pag-aaral ng mga panitikang Tsino sa bansa. Sa paglipas ng mga taon, malaking bilang ng mga ginawa at inedit na panitikang mula sa parehong mga mainland na iskolar at Pilipino-Tsinong iskolar ay nailimbag na sa Tsina. Ang pag-aaral ng panitikan ng mga Tsinong nakatira sa Pilipinas ay tradisyonal na bentahe rin namin, at isinasagawa ito sa konteksto ng mga pag-aaral ng Tsino sa ibang bansa. Ang mga miyembro ng akademikong komunidad ay madalas na nakikipag-usap din sa panitikang Tsino mula sa Pilipinas, mula sa mga Malay-Chinese, Thai-Chinese, Indonesian-Chinese, at iba pang Timog-Silangang Asyano na Tsino. Ang panitikan ay isang mapaghambing na pag-aaral. Ang panitikan ng mga Filipino-Chinese ay nagbibigay ng isang mahalagang sanggunian para sa ganap pang pag-unawa sa larangang ito.

Sa mga nagdaang taon, sa pagtaas ng pagsasaliksik sa folklore, ang pagsasalin at pag-aaral ng panitikang bayan ay unti-unting naging isang bagong larangan sa pag-aaral ng panitikang Filipino.

Kongklusyon

Matapos ang humigit tatlumpong taon na konstruksiyon at pagpapaunlad, ang Philippine Studies program ng Peking University ay nagbigay na ng maraming talento sa Filipino para sa media, mga negosyo, institusyon, at unibersidad. Ang mga graduate ay aktibo sa iba't ibang larangan sa buong Tsina, lalo na sa larangan ng pagtuturo ng wikang Filipino. Maraming batang guro ang sinanay, na naglalagay naman ng pundasyon para sa ibayong pagsasaliksik at pagtuturo ng wikang Filipino. Ang iba't ibang institusyon ng pananaliksik ay sumibol din, na nagdadala ng mga bagong pagkakataon para sa pagtuturo ng wikang Filipino at kaugnay na mga larang.

Sa kabuoan, ang mga Filipino majors sa Tsina ay nasa isang mabuting sitwasyon. Dapat samantalain ng programa namin ang mabuting opurtunidad na ito upang makagawa ng magandang trabaho sa paglinang ng mga batang guro para sa buong bansa. Mainam na hikayatin silang lumabas, pagbutihin ang kanilang mga nagawang propesyonal, isama ang kanilang pagsasaliksik sa mga platapormang pang-internasyonal, at palawakin pa ang kanilang global na reputasyon. Mainam ding makilahok sila sa pagsasanay sa mga kumperensiyang pang-akademiko, makinig sa mga mungkahi ng iba pang dalubhasa, at gumuhit ng inspirasyon para sa mga susunod na henerasyon. Makipag-usap nang epektibo sa mga kapatid na kolehiyo at unibersidad. Magbigayan ng mga kinakailangan. Tulungan ang iba at ang sarili sa paglinang ng mga talento, at sama-samang paunlarin at palawakin ang Filipino major at ang pagsasaliksik ng Pilipinas sa Tsina.